# Ang Katutubong Palagatu Ng Iloilo: Isang Pagsusuri

**ROMEO T. ESPEDION, JR., PhD**
West Visayas State University
Iloilo City, Visayas, Philippines
romeo.espedion23@gmail.com
https://orcid.org/0009-0007-1491-5067

*Abstract* — Isa sa namumukod na panitikan ng Rehiyon VI ay ang mga kaalamang-bayan na kasasalaminan ng kultura, paniniwala, kaugalian at mga pagpapahalagang Bisaya. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang konteskto ng mga palagatu sa pagtuturo ng MTB-MLE sa Iloilo sa Baitang 1, 2, at 3.
Nilayon din na masuri ang konteksto ng mga katutubong palagatu upang matukoy ang mga napapaloob na pagpapahalaga (values), kondisyon ng buhay, isyung panlipunan na masasalamin, ideolohiya at pananampalataya at pamamahala at pulitika ng mga llonganon. Ginamit ang talatanungan sa paglikom ng mga datos na kailangan sa pag- aaral.
Ginamit ang Grounded Theory na isang disiplina sa ilalim ng kwalitatibong pananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay isa ring Exploratory Material-Production Evaluation dahil nakabuo ng isang kagamitang pampagtuturo para sa MTB-MLE. Lumabas sa pagsusuri na ang nangingibabaw na katangian sa palagatu ay pagpapahalaga sa buhay at pamumuhay. kondisyon at kalagayan sa buhay at pamumuhay, pananampalataya at mga paniniwala, pamahalalaan at mga isyung panlipunan.

***Mga Susing-Salita — Pagsusuri, Palagatu, Iloilo, Mungkahing Disenyo***

## I. Introduksyon

Ang Rehiyon VI ay mayaman sa mga kaalamang bayan na tunay na sumasalamin sa kultura, tradisyon at pati na ang mga mithiin ng mga taga-Kanlurang Visayas. Ang mga kaalamang ito ay nararapat na mapabilang sa pambansang kanon ng Panitikang Filipino kaya nga sa bisa ng CHED Memo Order No. 59, s. 1996 na nag-uutos na kailangang bigyang diin ang pag-aaral ng mga rehiyunal na panitikan upang magkaroon ng mas malalim na pagpapahalaga sa Panitikang Filipino at matugunan ang pangangailangan na magkaroon ng kalipunan ang panitikan mula sa iba't ibang rehiyon. Ayon kay Villafuerte (2009), malaganap at patuloy pang lumalaganap ang panitikang rehiyunal sa ating bansa at sa gayon ay napakahalaga ang pagtalakay ng mga ito sa pag-aaral ng panitikang Filipino. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng katutubong panitikan ay matutuklasan ang nakakubling kultura ng ating bayan at sa ganitong kaparaanan ay lalo pang mapayayabong ang panitikang Filipino. Idinagdag pa ni Villafuerte na sa pag-aaral ng panitikang rehiyunal, matutukoy at makikilala ng mga mag-aaral ang kultural na elemento ng mga akdang naglalaman ng matayog na kaisipan, marubdob na damdamin at mga mithiing nagpapalutang sa kulturang sariling atin.

Ang Kanlurang Bisayas o Rehiyon VI ay nagtataglay ng mayamang panitikan. Ang tawag sa panitikan ng rehiyong ito ay Panitikang Hiligaynon o Panayanon Literature (Lucero, 1996) na

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

sumasaklaw sa lahat ng akda sa lalawigang bumubuo sa isla ng Panay (Iloilo, Antique, Capiz at Aklan), at maging sa isla ng Guimaras at Negros Occidental. Gamit sa mga lugar na ito ang wikang Hiligaynon bilang midyum ng komunikasyon at lingua franca ng rehiyon ngunit hindi maikakaila na may iba't iba ring barayti ng wika sa pulong ito gaya ng Kinaray-a, Akeanon, Capiznon at iba pa.

Isa sa namumukod na panitikan ng Rehiyon VI ay ang mga kaalamang-bayan na kasasalaminan ng kultura, paniniwala, kaugalian at mga pagpapahalagang Bisaya. Nariyan ang mga bulong/hururaon o ududayon, sa mga ginagawang seremonya o ritwal; awiting-bayan, daigon, komposo, dayaw, hurubaton, loa, epiko, binalaybay at iba pa na nilikha na ng ating mga ninuno noong mga matandang panahon bago pa man dumating ang mga Kastila at mga Amerikano sa ating bansa. Karamihan sa mga kaalamang-bayan na ito ay pasalita o palipat-dila lamang (Espina, B. at F. Borja, et al. 2013).

Bahagi na ng K-12 na Kurikulum, ang pagtuturo ng unang wika ng mga mag- aaral sa unang tatlong taon sa elementarya bilang pagtugon sa DepED Order 74, serye ng 2009 kaugnay sa Mother Tongue-Based Multingual Education, kaya ang pananaliksik na ito ay isang inisyatibo upang makalikom ng mga katutubong akda na nakasulat sa Hiligaynon/Kinaray-a, ang katutubong wika ng mga Taga-Kanlurang Bisayas upang magamit sa pagtuturo. Maliban dito maging ang pagtuturo ng Literatura 101 bilang batayang asignatura sa antas tersyarya ay nagbibigay-diin sa pag-aaral at pagtatalakay ng mga rehiyunal na mga akdang panliteratura batay sa CHED Order Blg. 59, serye ng 1996.

Ang kasalukuyang mananaliksik ay nagtuturo sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Ito ang nag-udyok na isagawa ang pag-aaral na may layuningsuriin ang konteksto ng buhay llonganon sa mga palagatu at hurubaton at makadisenyo ng kagamitang pampagtuturo na magagamit sa pagtuturo ng Mother Tongue. Sa pamamagitan nito, magiging kasiya-siya ang pagbabasang panitikan na tunay na makapupukaw ng interes ng mga mag-aaral.

**LAYUNIN NG PAG-AARAL**

Layunin ng pag-aaral na ito ang pagsusuri ng mga palagatu (bugtong) na siyang gagamitin bilang kagamitang pampagtuturo sa Kinder 1 hanggang Grade 3. Sa pagsasakatuparan ng layuning ito, sinikap masagot ang mga katanungan:

1. Ano-ano ang katangiang nangingibabaw sa mga palagatu batay sa sumusunod na konteksto.

   1.1 pagpapahalaga (values) na pinagtitibay;

   1.2 kondisyon ng buhay;

   1.3 isyung panlipunan na masasalamin; at

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Volume III, Issue 7 July 2023, eISSN: 2799-0664

1.4 pananampalataya.at pulitika

**SAKLAW AT LIMITASYON NG PAG-AARAL**

Sumasaklaw lamang ang pag-aaral sa pagsusuri ng mga palagatu (bugtong) bilang kagamitang pampagtuturo sa Kinder 1 hanggang Grade 3. Sinuri rin ng mananaliksik kung ano ang napapaloob na buhay llonganon sa mga palagatu batay sa sumusunod na konteksto: a) pagpapahalaga na pinagtitiba, b) kondisyon ng buhay na inilalarawan, c) isyung panlipunan na masasalamin, d) ideolohiya at pananampalataya, at e) pamamahala at pulitika.

**TEORETIKAL NA BATAYAN**

Ang pag-aaral na ito ay nakasalig mismo sa teoryang konstruksiyonismo. Ang nasabing teorya ayon kay Crotty (1998) ay nababatay sa paniniwalang ang isang obhektibong realidad ang ginuguhitan ng subhektibong konsepto sa pamamagitan ng imahinasyon at pagkamalikhain ng isang mananaliksik o kritiko. Ang teoryang ito ay nakatuon sa pagsusuri ng mga obhektibong realidad ng buhay at pamumuhay ng mga taga-Kanlurang Bisayas na nasasalamin sa mga natipong kaalamang bayan (palagatu). Ang pagtatalakay tungkol sa mga di-nailantad ng mga kaisipang masisilip sa mga palagatu ay makahugot ng mga subhektibong kaisipan. Pagsusuri din ito ng realidad ng buhay at pamumuhay ng mga taga-Kanlurang Bisayas na masasalamin sa mga natipong kaalamang bayan (palagatu). Ang pagtatalakay tungkol sa mga di- nailantad na mga kaisipang masisilip sa mga palagatu ay mahuhugot ang mga subhektibong kaisipan.

Sa pagdisenyo ng modelo ng pagtuturo ng mga palagatu ay isinaalang-alang ang modelong ASSURE.

**A- Analyze Learners (Suriin ang mga Mag-aaral).** Alamin ang mga katangian at estado sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa paghahanda ng kagamitang pampagtuturo. Dapat makilala nang buong husay ng mga guro ang mga mag-aaral sa aspektong edad, baitang o taon, kultura at ang sosyo-ekonomik na kalagayan. Kailangang batid din nila ang istilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**S-State Objectives (Ilahad ang mga Layunin).** Ilahad ang mga layunin batay sa maaaring magampanan ng mga mag-aaral. Gabay ng mga guro ang layuning pampagkatuto upang makapagplano siya nang maayos. Dapat ding isinaalang-alang ng mga guro ang ABCD sa paglalahad ng mahusay na layunin: **Audience** (mag-aaral), **Behavior** (gawi) **Conditions** (kalagayan), at **Degree** (antas).

**S-Select Methods, Media and Materials (Pagpili ng Pamamaraan, Media at mga Kagamitan).** Isaisip ng guro na ang mga kagamitan ay yaong naayon sa asignatura, paksa at kawilihan ng mga mag-aaral. Sa maraming pagkakataon, ang guro ay mahahamon na magsaayos ng mga kagamitang kakailanganin.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

**U- Utilize Materials and Media (Gamitin ang mga Naaayong Kagamitan at Media)**. Pagplanuhang mabuti kung paano gagamitin ang mga kagamitang pampagtuturo na aayon din naman sa pamamaraang gagamitin.

**R- Require Learner Participation (Kailanganin ang Pakikilahok ng mga Mag-aaral).** Upang maging epektibo ang pag-aaral at pagkatuto, ang mga kagamitan ay nararapat na mental na nakagigising nang sa gayon, ang mga mag-aaral ay patuloy na aktibong makikilahok sa talakayan. Laging isaisip ng mga guro na ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan ay nakapagpapaunlad ng pagkatuto.

**E-Evaluate and Revise (Pagtataya at Pagpapakinis).** Upang maging epektibo ang paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, nararapat na matutong magtaya ang guro sa kabisaan ng mga gamit na ito. Kung sa pagkakataon at nakita ng guro ang kahinaan.

## II. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay isang disenyong kwalitatibo. Sinusuri rito ang mga katutubong palagatu (bugtong) mula sa ginawang pakikipanayam sa mga impormanteng matatanda, mga nagtuturo ng panitikan, pagbasa ng mga nakalimbag na aklat at babasahin, at pagkuha ng mga halimbawa nito sa mga manunulat na palagatu. Pagkatapos ay inuri at sinuri ang mga ito ayon sa kontekstong pagpapahalaga (values) na ipinagtitibay, kondisyon ng buhay na inilararawan, isyung panlipunan na masasalamin, ideolohiya at pananampalataya at pamamahala at pulitika na nagpapakita ng buhay Ilonganon na matatagpuan sa Kanlurang Bisayas lalo na sa lalawigan at lungsod ng Iloilo.

Gumamit din ang mananaliksik ng talatanungan bilang pagtataya sa kaangkupan at kahusayan ng ginawang pagsusuri. Gayundin ang pagsusuring istatistikal para sa pagtalakay ng resulta ng pagtataya ng sinuring palagatu.

## III. Paglalahad At Pagtalakay Ng Resulta Ng Pag-Aaral

**Mga Katangiang Nangingibabaw sa mga Palagatu.** Ayon kina Borja at Espina, et al. (2012), ang palagatu (bugtong) ay mga tugmang naghahamon sa isang tao na mag-isip nang madalian na ang pinagbabatayan ay ang inilalarawan ng mga salita. Ang paglikha ng bugtong at ang pagsagot sa mga ito ay patunay ng katalinuhan ng isang tao. Nagpapakita rin ito ng kanyang katalasan ng isipan, pagiging mapagmasid, malawak na karanasan at eskposyur sa iba't ibang larangan. Kadaalasan ang paksa ng bugtong ay mga bagay o kasangkapan na makikita sa kapaligiran, kasama na rito ang mga tanim, punongkahoy, atprutas. Paksa rin ng bugrtong tungkol sa kalikasan, bahagi ng katawan ng tao, mga hayop at mga gamit na karaniwan ay ginagamit sa pang-araw- araw ng buhay.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Ang himig ng bugtong ay madalas mapagbiro o katatawanan at maaari ring seryoso na kababakasan ng pagpapahalaga sa buhay at pamumuhay, pangarap at mithiin ng tao, kalagayan o kondisyon ng buhay ng mga taong bayan, pananampalataya, at paniniwala. Mayroon ding kaugnay sa pamahalaan at pulitika, mga kaganapan sa lipunan, isyung panlipunan at marami pang iba.

Ayon sa mga sikologo, ang anumang ginagawa at sinasalita ng tao ay karaniwang manipestasyon ng kanyang pananaw sa buhay at sa mundo na naiimpluwesyahan ng kanyang damdain: kasiyahan o kalungkutan takot at pananabik, pagmamahal at pagkamuhi, at iba pang makabuluhang damdamin ng tao. Kaugnay sa mga nabanggit, ang ginawang pagsusuri sa mga bugtong ng mga Ilonganon ay ibinatay sa mga sumusunod: a.) *pagpapahalaga sa buhay at pamumuhay, b.) kondisyon at kalagayan sa buhay at pamumuhay, c.) mga isyung panlipunan at pamahalaan, d) pananampalataya at mga paniniwala.*

**Pagpapahalaga sa Buhay at Pamumuhay.** Bilang mga mamamayang Pilipino, ang mga Ilonggo ay nagtataglay rin ng mga makabuluhan, kahanga-hanga, at maipagmamalaking mga pagpapahalaga sa buhsay at pamumuhay. Nangingibabaw sa mga ito ang mga positibong aspekto na nasasalamin sa kanilang mga nalikhang bugtong. Nababakas ang mga sumusunod na positibong pagpapahalaga: pagkakaisa, katapatan, pagtityaga at kasipagan, kalinisan, pagiging responsible, pagpapasensya, pag-iingat at pagkamaingat, pagpaparaya, pagiging listo, paghahangad ng magandang kinabukasan at kasiyahan, pagkakaroon ng bukas ng loob, katalinuhan, pagiging produktibo, pagpapahalaga sa edukasyon. paghahanda para sa kinabukasan, pagtitiyaga at pagpupursige. Bilang mga halimbawa nito na sumasalamin sa kanilang pagpapahalaga ay katulad ng mga sumusunod:

**Pagkakaisa.** Ayon kay Constantino (2010), ang heyograpikal na kalagayan tulad ng bansang Pilipinas na binubuo ng mahigit-kumulang sa pitung libong kapuluan ay maaaring hadlang sa pagtatamo ng pagkakaisa ng buong sambayanang Pilipino. Marahil, ito ang mahalagang dahilan ng pagkakaroon ng masidhing pangarap at hangarin ng bawat mamamayan lalo na ng mga llongano at ng mga mamamayan ng Panay. Ang karanasan ng mga taong bayan ng digmaan laban sa mga kastila at ang kabiguan ng daan-daang panghihimagsik ng mga Pilipino ang nagbukas sa isipan ng mga Pilipino sa kahalagahan ng pagkakaisa. Sa kabilang dako, bago pa man dumating ang mga Kastila, naitatatag na sa pulo ng Panay ang Kumpederasyon ng Madyaas Isang samaham para sa pagkakaisa ng mga lalawigan ng Iloilo, Antique, Aklan at Capiz. Isa itong matibay na patunay ng hangarin at pangarap ng llonganon sa pagkakaroon ng pagkakaisa at pagkakabuklod-buklod.

Pansinin ang sumusunod na bugtong:

"Isa ka gatos ngamag-utod,

Isa lang ang ila pusod."    Sabat payong

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Volume III, Issue 7 July 2023, eISSN: 2799-0664

(Magkapatid na isandaan,

Pusod ay iisa lang.) Sagot: payong

Ang bugtong ay tunay na salamin ng pagkakaisa. Ang isandaang magkakapatid na inuuugnay sa isang pusod lamang ay sumisimbolo ng pagkakabuklod-buklod. Maging ang kaisipang inihahatid ng salitang payong na siyang sagot ng bugtong. Ang payong ay karaniwan lalo na sa hindi nakaririwasa ay proteksyon o pananggalang sa init at ulan hindi lamang para sa isang tao lang kungdi maging para sa dalawa, tatlo o mahigit pa. Isang konsepto ng pagbibigayan na madalas ay kaakibat ng pagkakaisa.

Ang pagpapahalaga sa pagkakaisa ay naipapahayag din sa sumusunod ding bugtong:

"Isa kagatos ng magbugto,

puro lang nagapangalo." Sabat: bunga

(Isanddang magkakapatid ang mga ito,

Panay lahat nakasumbrero.) Sagot: bunga

Ang nabanggit na bugtong, na panay may sombrero ang isandaang magkakapatid ay nagpapakita rin ang pagkakaisa at pagkakapareho ng itsura at katangian, maging ang mismong kasagutan na bunga. Ang bunga na laganap pa rin sa mayamang kagubatan sa lalawigan ng Iloilo ay kakikitaan ng larawang pagkakabit-kabit at pagkakasama-sama ng mga ito sa isang pumpong na indikasyon ng pagkakaugnay-ugnay. Ang naturang larawan ay tunay na salamin ng pagkakaisa at maging ng katatagan.

**Katapatan.** Ayon kay Ornstein (2013), ang pinakamahalaga at pinakapangunahing katangiang dapat na taglayin ng isang lider o pinuno at ng namumuno ay ang pagiging matapat. Nakagagaan ng kalooban na bunga ng pagsusuring ginawa, ang nalikhang bugtong ng mga Ilonggo ay kasasalaminan ng pagpapahalaga sa katapatan na ipinahihiwatig ng sumusunod na bugtong:

"May isa ako ka amigo,

Gaupod sa akon bisan diin ako makadto." sabat: landing

(Mayroon akong kaibigan, kasama ko siya

Saan man ako pumupunta.) sagot. anino

Sa likod ng paglaganap ng diborsyo at legal na paghihiwalay ng mag- asawa na karaniwang nangyayari sa ibang bansa lalo na sa Amerika, ang mga Pilipino lalo na ang mga Ilonggo ay naniniwala pa rin sa katapatan sa isa't isa na dapat at taglayin ng mag-asawa at maging ng mga nanunungkulan sa pamahalaan.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Ang halimbawang bugtong ay nagsasalamin ng katapatan ng kaibigan na laging kasama saan man ang persona pumupunta. Marahil maging sa hirap at ginhawa, sa kasiyahan at kalungkutan. Maging ang sagot ng bugtong na anino ay makabuluhan din na iugnay sa konsepto ng katapatan. Ang mga taong manloloko at taksil ay larawan ng kawalan ng katapatan. Isang pagkakasala ang magtalsil at manloko lalo na sa isang kaibigan at sa taong minamahal. Gayon pa man, kahit na may isang mabigat na dahilan, maituturing pa ring isang pagkakamali. Tiyak na guguluhin ka ng iyong konsiyensya na tulad ng anino na hindi matatakasan. Laging nariyan na iyong kasa-kasama kahit sa isipan at kahit sa pagtulog.

Ang konsepto ng katapatan ay kitang-kita rin sa mga salita tulad ng pagtupad sa mga pangako. Ipinahihwatig ito ng mga sumusunod na bugtong

"Nanaog si Wadik-wadik,

nagsumpa na hindi na magbalik." sabat: higko sang tao

(Bumaba si Wadik-wadik,

Sumumpang hindi na babalik.) sagot dumi ng tao

"Naglumpat si Pink-pirik,

Nagsumpa nga indi na magbalik." sabat: laya nga dahon

(Lumukso si Pirik-pirik,

Sumumpang hindi na babalik.) sagot: tuyong dahon

Madalas rin ituring ang katapatan sa pangako na palabra de honor tulad ng ipinahihiwatig ng dalawang nabanggit na bugtong. Ang dalawang bugtong ay repleksyon ng pagpapahalaga sa katapatan at paninindigan ng tao na kapag may isinumpaan at may ipinangako ay pinagsisikapang tuparin. Isang kapuri-puring pag- uugali ng mga llonganon ang katapatan sa ipinangako at ang pagtupad sa anumang responsibilidad at tungkuling sinumpaan maging siya man ay kaibigan, asawa o isang lider ng bayan.

Kasama rin sa usapin tungkol sa dalawang bugtong ang kasagutang dumi ng tao at tuyong dahon. Sa puntong ito, mahalagang itanong ang tungkol sa mga bagay na madalas ay nagiging sanhi ng pagkabuwag ng paninindigan at katapatan sa mga ipinangangako. Ito ang mga bagay na masasama, walang halaga at marumi tulad ng dumi ng tao o ng tuyong dahon na kusang humihiwalay at nalalaglag buhat sa tangkay na marahil ay dapat nang palitan ng bago o sariwang dahon. Marahil katulad ito ng pagkabuwag ng mga pangako at pagkawala ng katapatan na bunga ng mga pagkakamali at pagkakasala. Ang katapatan ay may hangganan sa mga sandaling nabahiran ng pagbabalatkayo at kasinungalingan na siyang sinisimbolo ng dumi ng tao at ng tuyong dahon.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

**Pagtitiyaga, pagpupunyagi at pagpupursige**. Ayon kay Duke (1989), ang napakahalagang salik kung bakit ang bansang Hapon ay mabilis na umangat sa larangan ng ekonomiya bagama't makalawang beses na binomba (Nagasaki at Hiroshima) noong ikalawang digmaang pandaigdig ay ang katangian ng mga Hapones ng pagiging matiyaga at pursigido. Marahil, dapat ay sumunod at gumaya din ang mga Ilonggo. Sa sumunod na bugtong sinasalamin ang kahanga-hangang katangian ito:

"Suro-suro, bukal-bukal

Sige lang kaindakal sabat ininit nga tubig

Suro-suro, kumukulo-kumukulo

Sige lang ang pagkulo. sagot: kumukulong tubig

Ang halos walang katapusang pagkulo ng tubig na dulot marahil ng patuloy na apoy ay larawan ng isang matiyaga at mapagpunyaging karakter ng isang tao. Ang walang humpay na pagkulo ay kawangis ng walang katapusang pagnanais ng tagumpay at pagpupursige anuman ang mangyari. Patuloy na nag-aapoy ang paghahangad ng katuparan ng mga mithiin. Walang sinusukuan at tila walang kapaguran kahit sa likod ng kabiguan at marahil kahit sa kamatayan. Kung baga sa mga Hapones, ay gambare. Maaaring hindi magawa ng mga llonganon ang nangyayari sa bansang Hapon na ayon kay Duke (1989) isang phenomenal na pag- unlad mula sa pagiging ekonomikong basket ay naging isang higante sa larangan ng kaunlaran sa ekonomiya. Maaaring halimbawa lamang sa mga llonggo ay ang pagtamo ng karangalang pandaigdigan sa larangan ng propesyong pangmaritima. Kilala sa buong bansa at maging sa buong daigdig ang katangian ng mga marinerong Ilonggo. Bilang patunay, sa Iloilo itinatag ang kauna-unahang kolehiyong pangmaritima ng bansa na nagsusuplay sa buong mundo ng kwalipikado at magagaling na mga marinerong taglay ang katangiang matiyaga at mapagpunyagi. Marahil ay hindi na maaaring idagdag pa ang tungkol sa mahuhusay at masisipag na mga kasambahay, enhinyero, narses, at maging mga doktor papuntang Hong Kong. Singapore, Saudi Arabia, Canada, Amerika at saan mang panig ng mundo. Sila ang mga bayani na tulad ng kaisipang inilalahad ng bugtong, **suro-suro, kumukulo- kumukulo, sige lang ang pagkulo**-tunay na larawan ng pagtitiyaga, ng pagpupursige at ng pagpupunyagi.

**Pagpapahalaga sa Edukasyon.** Ayon sa Grolier Academic Encyclopedia, sa buong kasaysayan ng sandaigdigan, hangarin ng lahat ng sosyedad ang edukasyon para sa mga mamamayan upang makagawa ng mga produkto at serbisyo, upang epektibong makikipag-ugnayan sa mundong ginagalawan, upang mabigyang kasagutan ang maraming mga katanungan at matugunan ang kyuryusidad at estetikong mga hangarin. Bunga nito, hinahangad ng mga indibidwal ang pagtatamo ng mga kaalaman, kasanayan, atityud at mga pagpapahalagang kailangan para sa ikauunlad ng katauhan at ng sambayanan.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Ayon kay Arnove, et al. (2009), umpisa noong unang kalahati ng labinsiyam na dantaon, napatunayan ng edukasyon ang sukatan ng kaunlarang pangkabuhayan at panlipunan kung kaya lahat halos ng bansa sa buong mundo ay nagkaroon ng pagbabagong pagtingin at pagpapagahalaga sa edukasyon. Ang mga programa, kalakaran at pagkilos ng mga bansa kaugnay sa pagpapaunlad ng karapat-dapat na edukasyon para sa sambayanan ay lalong pinagtitibay. Marahil ay karapat-dapat ding ipagmalaki ng mga llonganon na kasama rin sila sa mga pagpapahalagang ito na nasasalamin sa kanilang mga nalikhang bugtong.

Pansinin ang sumusunod na bugtong:

"Isa ka binhi nga malaba kag maputi

sa talamnan sang buluthuan,

ang sa akon ginapanggasan." Sabat: chalk

Ako ay isang binhi, mahaba at maputi

sa taniman ng paaralan

ang sa akin ay pinupunlaan. Sagot: yeso

Sa bugtong tunay na malinaw ang pagbanggit ng paaralan maging ang yeso na importanteng kasangkapang ginagamit sa paaralan. Sa kabilang dako, mahihinuha sa kaisipang ipinahahayag na makabago ang bugtong dahil kinakikitaan ng salitang Ingles. Isang kumpirmasyon ang pahayag na ito na bagamat ang pormal na edukasyon sa Pilipinas ay nagsimula noong panahon ng mga Kastila ngunit ang popular na edukasyon o ang edukasyon para sa lahat ay nag-umpisa noong panahon ng mga Amerikano. Sa mga llonganon ang pagbibigay-importansya sa edukasyon ay kitang-kita sa bilang ng mga unang kolehiyong itinatag. Maliban sa mga pampublikong paaralan para sa elementarya at sekundarya, mahalagang patunay ang pagkatatag ng pribadong mga paaralan tulad ng Unibersidad ng San Agustin ng mga paring Agustinos, ng Assumption Convent School ng mga Assumption sisters, St. Paul University ng St. Paul Sisters, Central Philippine University, Colegio del Sagrado Corazon de Jesus at marami pang iba. Mahalaga din banggitin ang mga pampublikong pamantasan tulad ng West Visayas State University at ISAT University. Kakikitaan ang mga nabanggit na mga paaralan ng kahusayan at kagalingan.

**Kondisyon at Kalagayan ng Buhay at Pamumuhay.** Ang kasaysayan ng pagsibol ng sibilisasyon sa mundo kaugnay sa buhay at paraan o pamamaraan ng pamumuhay ng tao ay nabatid na ang tao upang mabuhay nang mahusay ay kailangang makakapag-angkop sa kapaligiran. Ang kanilang pagkain ay mahanap doon lamang mismo sa mayamang kalikasan. Ang mga prutas, isda, gulay at mga halaman at maging ang iba't ibang klaseng hayop tulad ng baboy ramo, usa na mapapakinabangan ng tao ay masaganang naglipana sa parang. kabundukan, ilog at karagatan.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Ang mga lalawigan ng Panay ay mapalad na pinagkalooban ng Dakilang manlilikha ng mayamang likas ng kayamanan. May malalawak itong bukirin, kapatagan, kabundukan, maging ang mga ilog, sapa at ang pumapalibot na karagatan.

Ayon kay Hosillos (1998), dahil sa taglay na mayamang lupain naging masagana ang mga bukirin at kapatagan sa mga produktong pang-agrikultura tulad ng palay, mais, niyog, kape, tubo at iba pang produktong pansakahan na nagbubunga ng unti-unting pag-angat ng kalagayang pang-ekonomiya ng mga Ilonganon. Ang ganitong mga kalagayan ay nasasalamin sa panitikan lalo na sa kanilang mga nalikhang bugtong.

Ang sumusunod na bugtong ay naglalahad ng kasaganaan ng mga llonganon sa yamang dagat. Katunayan ang Iloilo ang itinuturing na isa sa mga fishing grounds ng bansa.

"Isa na lang ginkuha pa

Ang nabilin duha pa." Sabat: pakinhason

lisa na lang, kinuha pa

Ngunit ang naiwan ay dalawa Sagot kabibe

Maraming uri ng kabibie sa Iloilo at sa buong Panay. Ilan sa mga ito ay talaba, kung may kalakihan at sisi kung maliit, lampirong at scallop na ginagawang napakagandang lampshades at mga palamuti sa mga binttana na laganap sa mga lumang bahay ng mga nakaririwasa sa Iloilo. Mayroon ding isang uri ng kabibe na tinatawag na diwal o angel's wings dahil hugis pakpak ng anghel ang itsura. Isa itong uri ng kabibe na mahal kung bilhin sa mga palengke kahit dito sa Iloilo.

Tunay na masagana sa Iloilo ang mga yamang dagat. Maliban sa marami at iba't ibang klaseng isda tulad ng bangus, tangige, tilapia, galunggong, pisugo at iba pa, masagana rin ang hipon, sugpo, alimasag at alimango. Nasasalamin din ang mga ito sa sumusunod na bugtong:

"Ari na si Tiya

Tiyan niya daw kalaha

Tiil niya bari-bari

Kamot niya daw lagari." Sabat Alimango

Heto na si Ale

Tiyan niya parang kawali

Paa niya bali-bali

Kamay niya oaring lagari. Sagot: Alimango

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Larawan ng itsura ng alimango ang nabanggit na bugtong at nasasalamin din ang kabuhayan ng mga taong bayan tulad halimbawa ng mga salitang **kalaha (kawali)** at **lagari.** Ang **kalaha** ay gamit sa pagluluto na karaniwan ay ginagamit pa rin sa mga tahanan ng masang Pilipino. Ibig sabihin, katamtamang antas ng pamumuhay, hindi marangya. Ang salitang lagari naman ay gamit panghanapbuhay ng mga karpintero o anluwagi. Sadyang sinasalamin sa bugtong hindi lamang ang yamang dagat ng mga Ilonggo kundi maging ang antas at paraan ng pamumuhay.

Kung produktong pang-agrikultura naman ang pag-uusapan, sagana sa produktong mais ang Iloilo kung kaya nagkaroon ito ng kaunlarang pang-ekonomiya at umangat ang antas ng kabuhayan ng mga Ilonggo bunga ng pagbibili ng palay at mais sa mga karatig-bayan sa Bisayas tulad ng Negros at Cebu.

Nasasalamin sa bugtong ng mga Ilonggo ang mga nabanggit na produkto:

"Isa ka pasi nga humay

Natugban bilog nga balay."  Sabat: suga

Isang pirasong palay

Tigib sa buong bahay  Sagot: llaw

Pangunahing produkto sa Iloilo ang palay at pagsasaka ang pangunahing kabuhayan ng mga Ilonggo batay sa ipinahihiwatig sa bugtong. Ngunit ang pagsasaka sa kasalukuyan ay moderno at makabago na, dahilan kung bakit taon- taon malaki ang produktong palay sa lalawigan. Katunayan, iba-iba na ang uri ng makabagong binhing palay. Mga certified seeds ang mga ito na pinamamahagi ng Departamento ng Agrikultura sa mga magsasaka pati na ang mga kaukulang pataba at pamatay peste. Mga modernong makinarya rin ang ginagamit sa pag-aararo at pag-aani tulad ng mga traktora at harvester.

Maliban sa palay, ang mais ay pangunahing pang-agrikulturang produkto rin ng mga llonggo. Malawak ang maisan sa mga kapatagan at kabundukan ng mga bayan ng Passi, Sara, Ajuy, Lemery at iba pa.

Kitang-kita ang pagpapahalaga sa mga ito sa sumusunod na bugtong:

"Ang sa gwa ginakaon

Ang sa sulud ginahaboy."  Sagot: Mais

Ang sa labas kinakain,

Ang nasa loob tinatapon.  Sagot: Mais

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Kung prutas naman ang pag-uusapan, sabihin mo lang at mayroon ang Iloilo. Nangunguna sa mga ito ang mangga, pinya, niyog, saging, langka, papaya at marami pang iba.

Pansinin sng mga sumusunod na bugtong:

"Madamu sing mata

Pero indi makakita." Sabat: pinya

Maraming mata

Ngunit hindi makakita. Sagot: pinya

"Atras, panit

Abante, unod." Sabat: saging

Atras, balat

Sulong, laman. Sagot: saging

"Baboy nga talang-talang

Bulbol niya lansang." Sabat: langka

Baboy na litong-lito

Pako ang balahibo. Sagot: langka

"Ang nauna, pamait

Ang ikaduha, manumit;

Ang ikatlo, bulbulan,

Ang ikaapat mapait naman." Sabat: paho

Mapait na nauna,

Masarap ang ikalawa;

Mabalahibo ang ikatlo,

Ang ikaapat, mapait ito. Sagot: manga

"Tubig nga maningning

Indi masidlan sang hangin." Sabat: niyog

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Volume III, Issue 7 July 2023, eISSN: 2799-0664

Tubig na maningning

Hindi mapasok ng hangin. Sagot niyog

Tulad ng nabanggit, mapalad ang mga Ilonggo sa pagkakaroon ng masaganang produktong pang-agrikultura. Ang mga prutas lalo na ang mangga ay ipinagbibili hindi lamang sa iba't ibang lalawigan ng bansa kundi pangunahing produkto ng lalawigan na iniluluwas sa ibang bansa. Palibhasa, dahil sa kaunlarang natamo, nagkaroon ng mga pagawaan at paktorya sa lungsod upang mapreserbar ang iba't ibang uri ng mga prutas bunga nito nagkaroon din ng mapasukang trabaho ang mga mamamayan. Nababawasan tuloy ang porsyento ng mga walang trabaho sa lungsod gayon ang pagtaas kahit paano ng antas ng kabuhayan ng mga Ilonggo.

Bunga ng pag-unlad ng kabuhayan at ekonomiya ng lalawigan, nagkakaroon na ng kakayahan ang mga Ilonggo na matamasa ang maluwag at masaganang pamumuhay. Nahilig na rin silang mamasyal sa mga malls, magdiwang ng mga kasiyahan tulad ng binyag, kasal, at birthday, at maghanda ng masasarap na pagkain. Patunay dito ang maraming kainan, ang pagpapatayo ng mga nagtatayugang mga gusali tulad ng mga hotels, condominium lalo na ng mga bangko. Ayon sa datos ng lungsod, mahgit-kumulang sa tatlumpung bangko mayroon ang Iloilo. May bangko halos sa bawat kalye ng lungsod. Kahit nahilig ang mga llonggo sa kasiyahan, naipakita rin sa bugtong ang pagiging masinop at katipiran nila sa pera noon pa man kahit na sa isang simpleng paraan, nagawa na rin nilang mag-impok.

Pansinin ang sumusunod na bugtong:

"Isa ka utod ng kawayan

Kuluhaan sang bulugasan." Sabat alkansiya

Isang putol na kawayan

Kuhanan ng bigasan. Sagot: alkansiya

Ang nabanggit na bugtong ay nagpapakita na noon pa man marahil ay natuto nang mag-impok sa makalumang paraan sa pagtago na naiipon para sa kinabukasan. Sa pagdaan ng panahon dahil sa umunlad na ang kabuhayan ng mga Ilonggo, naging makabago na rin ang kanilang pananaw sa pagtago ng kinikita dahilan ng paglaganap ng maraming bangko sa lungsod.

Sa kabilang dako, ayon kay Maslow (2013) sa kanyang hirarkiya ng pangangailangan ng tao, sakaling matamo na ng tao ang kanyang mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, pananamit, silungan, tumataas na ang antas ng kanyang mga pangangailangan. Tulad ng mga Ilonggo, tumaas na ang kanilang panlasa maging sa uri ng pagkain kagaya na lamang ng mga delatang sardinas at karne norte. Ang mga ito ay naipapahiwatig na rin sa kanilang nalikhang mga bugtong.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Pansinin ang mga halimbawa:

"Nagsulud sa tubo-lata

Pero ang ulo wala nadala." Sabat: sardinas

Pumasok sa tubo-lata

Ngunit ang ulo ay hindi nadala. Sagot: sardinas

"Isa ka baka

Makaigo sa sulud sang isa ka lata" Sabat: karne norte

Isang baka

Kasyang pumasok sa isang lata. Sagot: karne norte

Ang kaunlaran at pagbabago sa buhay ng tao, ay saklaw rin ang eksposyur niya sa iba pang aspekto ng buhay tulad ng musika kung kaya marahil ang kulturang pamana ng mga Kastila at mga Amerikano ay nabigyang halaga rin ng mga Ilonggo. Isa na rito ang instrumentong pangmusika tulad ng piyano.

Nasasalamin ito sa kanilang bugtong.

Pansinin ang halimbawa:

"Sa pagkadamu sang ngipon,

May puti kag may itum;

Nagakanta kon tum-ukon." Sabat: piyano

Napakaraming ngipin,

May maputi at may maitim;

Umaawit kung pindutin. Sagot: piyano

Bilang pagbubuod, ang mga bugtong na nalikha ng mga Ilonggo ay nagpapakita ng kondisyon o kalagayan ng buhay at antas ng pamumuhay ng mga Ilonggo. Mula sa payak na pamumuhay nakikita ang pag-unlad at pagbabago bunga ng kaunlarang pangkabuhayan dulot ng masaganang likas na kayamanan. Ang mga produktong pang-agrikultura na naging masagana dahil marahil sa angkop na klima at malawak na kapatagan o kabukiran at maging ng kasipagan at pagtitiyaga ng mga mamamayan. Ang biyayang dulot ng yamang dagat ay mahalagang ambag din sa pagtatamo ng mga Ilonggo ng pag-unlad sa kanilang antas ng kabuhayan.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

**Isyung Panlipunan.** Kailan masasabing magiging isyu ang isang paksa, sitwasyon o isang kondisyon? Ayon kay Vygotsky ang isang paksa ay nagiging isang isyu kung may mga katanungan kaugnay dito; may pumapanig o sumasang-ayon at may sumasalungat o hindi sumasang-ayon. Ibig sabihin naging isyu ang isang paksang may iba-ibang palagay at reaksyon ukol dito.

Ang talakay tungkol sa isyung panlipunan na nasasalamin sa mga nalikhang bugtong ng mga llonggo ay nagpapahiwatig hindi lamang ng eksposyur at karanasan ng mga Ilonggo kundi maaaring magpapakita rin ng kanilang pagiging mapagmatyag sa mga nagaganap sa lipunan.

Ilan sa mga isyung panlipunang nasasalamin sa mga bugtong na nalikha ng mga llonggo ay ang mga sumusunod: di-pagkapantay-pantay; kawalan ng karapatan lalo na ng mga kapos at mahihirap, isyung pangkalusugan; lakas, kapangyarihan, at kakayahan ng mga may kapangyarihan; silungan at tahanan; kasarinlan; edukasyon at kaunlaran; komunikasyon at impormasyon at iba pa.

Di-pagkapantay-pantay. Ayon sa Bibliya, ang tao ay nilikhang pantay-pantay sa harap ng Panginoon. Ito rin ang paniniwala ng mga Pilipino bilang mga mamamayang Kristiyano. Ngunit, mahirap ipikit ang mga mata sa katotohanang nangyayari sa ating lipunan ang di-pagkakapantay-pantay. Bakit mayroong mayaman, may mahirap; may payat, may mataba; may maganda at pangit; may maliit at malaki; may mataas o matangkad at may bansot. Ang kamalayan ng mga Ilonggo tungkol sa isyung ito ay naipapakita sa sumusunod na bugtong:

"Lima ka puno nga niyog

Isa lamang ang matayog."		Sabat: tudlo sa alima

Limang puno ng niyog

Isa lamang ang matayog.		Sagot: daliri ng kamay

Maliban sa pagiging konsistent sa pagpapahalaga sa produktong pang- agrikultura tulad ng pagpaksa kaugnay sa punong niyog, naipapakita rin sa bugtong ang isyu tungkol sa di-pagkakapantay na nailugnay din sa pagmalas at pagmamasid sa bahagi ng katawan tulad ng mga daliri ng kamay. Likas na di pareho o pantay ang haba ng mga daliri ng tao maliban lamang kung siya ay abnormal. Katunayan, iba-iba ang haba ng mga ito at iisa lamang ang pinakamatayog na nagpapahiwatig na kalamangan nito sa iba. Ang pinakamataas madalas, ang nangunguna, ang lider, ang makapangyarihan, ang sinusunod, ang tinitingala. Marahil siya ang matalino. ang mayaman, magaling at lahat na.

Hindi maaaring makaligtaan sa puntong ito, sa pagkakabanggit ni Null (2016), ang kaisipan ni Plato isang Griyegong pilosopo sa kanyang, The Republic. Mahigpit palibhasa ang pag-uuri-uri niya ng mamamayan sa kanyang. The Republic: ang ginto, ang pilak, at ang tanso. Ang ginto ay antas ng matatalino na siyang dapat lamang na magiging pinuno o lider samantalang ang antas na pilak at tanso ang taggaganap lamang ng mga iminumungkahi at pinatutupad ng mga namumuno.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Walang kakayahan daw na mamuno o maging lider ang hindi napabilang sa antas ng mga mamamayang ginto. Ngunit, ang kaisipang ito ni Plato ay napalitan ng kaisipang unibersal at demokratiko, ang pagbibigay ng pagkakataong nararapat at para sa lahat, mayaman man o mahirap. Bunga ng impluwensya ng kaisipang demokratiko, ang mga Ilonggo ay nangangarap din ng pagtatamo ng pagkakapantay- pantay na naipapahiwatig maging sa kanilang bugtong tulad rin ng sumusunod:

"Atras, panit

Abante, unod." Sabat: saging

Atras, balat

Sulong, laman. Sagot: saging

Maging ang nabanggit na bugtong ay nagsasaad ng pagpapahalaga sa may mga sinasabi tulad ng kaisipang ipinahihiwatig ng pariralang sulong, laman; samantalang ang walang sinasabi tulad ng balat, ay dapat umatras. Masaklap ang tama nito sa mahihina at walang kakayahan. Mas nabibigyang pokus ang magagandang pagkakataong ibinibigay para sa magagaling at ang pagwawalang bahala sa mahihina. Nagbubunga ang kalagayang ito ng kabiguan ng mga mamamayang lalo na ng mga nasa laylayan ng lipunan. Madalas tuloy ang sigaw ng katarungan ng mga mamamayang biktima ng di-pagkakapantay sa harap ng batas.

**Edukasyon at pagkakaroon ng kaalaman.** Isa sa mga importanteng bagay na pinapahalagahan ng mga llonggo at binigyan ng malawak na talakay sa unang bahagi ng pag-aaral na ito ay ang edukasyon. Tunay na mahalaga para sa mga Ilonggo ang pag-angkin ng kaalaman. Pinahihiwatig ito ng sumusunod na bugtong

"Manggad nga ginhalungan,

Sa isa ka suludlan;

Buksan sang kawatan,

Dili mabuhinan." Sabat: kinaalam

Kayamanang iniingatan,

sa isang sisidlan;

buksan ng kawatan,

hindi mababawasan. Sagot: kaalaman

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Madalas na sinasabi ng mga magulang na ang tanging kayamanang ipapamana sa mga anak ay ang karunungan o kaalaman sa pamamagitan ng edukasyon. Mahirap man ang mga magulang ay kanilang pinagsisikapang mapagpaaral ang anak. Ito ang kayamanang hindi mananakaw, ngunit sa kasalukuyang panahon nagiging isyu na ang pagtatamo ng edukasyon. Kahit na libre na ang pag-aaral sa antas sekundarya at maging sa kolehiyo sa mga paaralang publiko at kolehiyong pampamahalaan, itinuturing pa rin ng karamihan na mas magaling at mahusay ang uri ng edukasyong matatamo sa mga paaralang pribado na hindi kayang matamo ng mga mamamayang mahihirap.

May isyu rin kaugnay sa reporma ng istruktura ng edukasyon sa bansa upang makakaangkop at makasasagot sa tawag ng globalisasyon. Nadagdagan ang bilang ng taon sa sekundarya, nagkaroon ng dagdag na dalawang taon na para sa mahihirap na mga pamilya ay nagpapatagal ng panahon upang makatapos ng pag- aaral ang anak at makahanap ng trabaho upang makatutulong sa pamilya. Sa kabilang dako, sa panig naman ng pamahalaan, ang mga pagbabagong ito ay mas nakabubuti lalo na sa uri ng kaalamang matatanggap ng mga mag-aaral. Nagiging mas mataas na uri ng kaalaman ang matatamo ng mga mag-aaral at makayanan nilang makikipagkompetisyon sa pandaigdigang mga pagkakataon. Sa madaling salita, ang mga mag-aaral ay makatatamo ng marami at sarisaring kaalaman na ayon sa bugtong ay isang kayamanang iniingatan sa isang sisidlan na buksan man ng kawatan, ay hindi mababawasan.

Isyung pangkalusugan. Ang kalusugan ay kayamanan. Hangarin ng lahat ang magkaroon ng malusog na pangangatawan at malusog na isipan. Nailalahad sa mga bugtong ng mga Ilonggo ang kahalagahan ng mabuting kalusugan na nagsisimula pa sa panahon ng kabataan. Sa siniping bugtong naipapakita ang pagpapahalaga sa gatas ng ina na itinuturing na sagrado o banal.

Pansinin ang bugtong:

"Tubig nga sagrado,

Bata lang ang may gusto."  Sabat gatas sang nanay

Tubig na sagrado,

Bata lang ang may gusto.  Sagot: gatas ng ina

Sa kasalukuyan, mahigpit ang pagpapatupad ng programa ng pamahalaan tungkol sa gatas ng ina na dapat ay ipapasuso talaga sa anak. Nakita palibhasa na Ibang-iba ang kalusugang matatamo ng sanggol gamit ang gatas ng ina. Maliban sa kumpletong mineral at sustansyang makukuha, ay mayroon pang kakaibang elementong panlaban sa sakit. Gayon pa man, malawak man ang kampanya tungkol sa kahalagahan ng gatas ng ina, laganap na laganap pa rin ang pagbebenta ng pormulang gatas para sa mga sanggol. Bagaman sobrang napakamahal ng mga ito, marami pa ring nanay ang bumibili at tumatangkilik sa mga ito. Bakit naging isyu ang tungkol sa kahalagahan ng paggamit ng gatas ng ina at ang pagbili ng pormulang gatas? Marahil ay dahil na

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

rin sa kalusugan ng ina na hindi makayanang magprodyus na kailangang gatas para sa anak. Maari rin na ang hindi pagpahintulot ng mismong ina na makakaapekto sa pisikal nitong kaanyuan. Maaari ring karamihan sa mga ina ay nagtatrabaho at ang pagpapadusa sa anak ay nakasasagabal sa paglaan ng panahon dito. Gayon pa man, ang bugtong na nabanggit ay isang totoong patunay ng pagpapahalaga ng mga Ilonggo sa gatas ng ina para sa kalusugan ng anak.

Isyung pangkapayapaan. Isa sa malaking problema ng mundo ay nauukol sa pagtatamo ng pandigdigang kapayapaan. Ang dalawang pandaigdigang digmaan ay nag-iwan sa mga bansa sa buong daigdig ng malaking realisasyon ng kasamaang dulot nito. Maliban sa libo-libong buhay na nabuwis, ang destruksyon sa imprastraktura na dala nito ay nangangailangan ng malaking salapi upang maibalik

Sa kasalukuyan, mahigpit ang pagpapatupad ng programa ng pamahalaan tungkol sa gatas ng ina na dapat ay ipapasuso talaga sa anak. Nakita palibhasa na Ibang-iba ang kalusugang matatamo ng sanggol gamit ang gatas ng ina. Maliban sa kumpletong mineral at sustansyang makukuha, ay mayroon pang kakaibang elementong panlaban sa sakit. Gayon pa man, malawak man ang kampanya tungkol sa kahalagahan ng gatas ng ina, laganap na laganap pa rin ang pagbebenta ng pormulang gatas para sa mga sanggol. Bagaman sobrang napakamahal ng mga ito, marami pa ring nanay ang bumibili at tumatangkilik sa mga ito. Bakit naging isyu ang tungkol sa kahalagahan ng paggamit ng gatas ng ina at ang pagbili ng pormulang gatas? Marahil ay dahil na rin sa kalusugan ng ina na hindi makayanang magprodyus na kailangang gatas para sa anak. Maari rin na ang hindi pagpahintulot ng mismong ina na makakaapekto sa pisikal nitong kaanyuan. Maaari ring karamihan sa mga ina ay nagtatrabaho at ang pagpapadusa sa anak ay nakasasagabal sa paglaan ng panahon dito. Gayon pa man, ang bugtong na nabanggit ay isang totoong patunay ng pagpapahalaga ng mga Ilonggo sa gatas ng ina para sa kalusugan ng anak.

**Isyung pangkapayapaan.** Isa sa malaking problema ng mundo ay nauukol sa pagtatamo ng pandigdigang kapayapaan. Ang dalawang pandaigdigang digmaan ay nag-iwan sa mga bansa sa buong daigdig ng malaking realisasyon ng kasamaang dulot nito. Maliban sa libo-libong buhay na nabuwis, ang destruksyon sa imprastraktura na dala nito ay nangangailangan ng malaking salapi upang maibalik ang kaayusan. Ang malaking halaga na inilaan sa pag-ayos ng mga pamayanang napinsala ay dapat sana para sa pagbabago tungo sa pag-unlad ng iba't ibang sektor ng lipunan.

Halimbawa, ang nakaraang digmaan ng pamahalaan laban sa mga Mauti sa Marawi ay nag-iwan ng masaklap na karanasan hindi lamang sa mga kalaban kundi lalo na sa mga sibilyan na nasangkot sa gitna ng digmaan. lisipin lang kung iilang taon kaya ang hihintayin upang maibalik sa dati ang kalagayan ng mga lugar sa Mindanao na naging sentro ng digmaan. Ilang armas at baril, mga tangkeng pandigmaan ang ginamit? Katunayan ayon sa political analyst, wala naman talagang nananalo sa digmaan. Nagtagumpay marahil ang pamahalaan sa pagsugpo ng mga gulong dulot na mga rebelde sa Mindanao ngunit ang malaking halagang naigugol ng pamahalaan para sa digmaang nabanggit ay napakalaki rin. Ang malaking katanungan ay, natamo ba ang kapayapaan

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Volume III, Issue 7 July 2023, eISSN: 2799-0664

pagkatapos ng digmaan o dagdag kaya itong problemang dapat ay masolusyunan at mabigyan ng kaukulang kalutasan?

Ang usapin tungkol sa paggamit ng armas at baril ay nailalahad din sa mga bugtong ng mga Ilonggo. Ano man ang kaisipang dala ng bugtong na ito ay marahil iba-iba at marami. Sa kabilang dako, ang katiyakan kaugnay dito ay may taglay na kaalaman ang mga Ilonggo tungkol sa baril o armas bilang pananggol at pananggalang lalo na sa panahon ng panganib upang mailigtas ang sarili.

Pansinin ang sumusunod na bugtong:

"Ginsuok bag o ginkuhit

Layo-layo ang puswit."  Sabat: pusil

Ipinasok bago pinihit

Malayong-malayo ang talsik.  Sagot: baril

Batay sa bugtong, malinaw na ipinahahayag ang kaisipang hindi pandigmaan ang gamit ng baril. Ito ay isang karaniwang baril na madalas ay taglay ng pulis o ng isang taong inaasahang may legal na permiso sa paggamit nito. Ang baril palibhasa ay ginagamit maaaring sa mabuti o masamang paraan-para pananggol sa sarili o panakot at pamatay sa kalaban. Ano man ang silbi nito para sa may-ari, inaasahang ito ay legal at para sa kaayusan o sariling kapakanan.

**Komunikasyon at impormasyon.** Ayon kay Martin (2017), ang komunikasyon ay ang paghahatid at pagtanggap ng impormasyon. May iba't ibang paraan ang paghatid ng impormasyon depende sa tsanel o daluyan. Maaaring ito ay pasalita o pasulat at mayroon ding sa pamamagitan ng galaw, senyas at mga simbolo. Karaniwang ito ay sa paraang pasulat at pasalita. Sa kasalukuyan, bunga ng pagbabago at modernisasyon maliban sa karaniwang paraan, ang paghahatid ng impormasyon ay gumagamit ang iba't ibang uri ng media tulad ng radio, telebisyon, mga pahayagan at diyaryo at iba pang mga makabagong teknolohiya gamit ang cellphone at mga makabagong gadyet panteknolohiya. Hindi man naipapakita sa mga bugtong ng mga llonggo ang paggamit ng makabagong komunikasyong panteknolohiya ngunit nailalahad sa mga bugtong ang komunikasyon sa paraang pasulat at pasalita.

Ang mga sumusunod na halimbawang bugtong ay nagpapakita ng kaalaman at eksposyur ng mga Ilonggo sa komunikasyon pasalita at ang kaukulang mga isyu kaugnay dito:

"Talamnan nga maputi,

may maitum nga binhi;

Lima ang nagtanum,

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

| | |
|---|---|
| duha ang nagatambong" | Sabat sulat |
| Bukiring maputi, | |
| Na may maitim na binhi; | |
| Ang nagtatanim ay lima | |
| Tinitingnan ng dalawa. | Sagot: sulat/liham |
| "Nagapanaw nagaluha | |
| Nagadara sang balita." | Sabat: bolpen |
| Naglalakad, lumuluha | |
| Nagdadala ng balita | Sagot: ball pen |

Mga ilang dekada ang nakaraan, laganap pa ang paggamiit ng liham o sulat para sa paghatid ng impormasyon, pormal man o impormal. Liham ang mabisang paraan na ginagamit lalo na ng dalawang taong magkalayo o may pagitan na distansya. Liham ang ginagamit ng dalawang nagmamahalan upang ipaabot marahil ang walang hanggang pagmamahal bilang katibayan ng damdaming hindi maglalaho. Sa larangan naman ng negosyo mayroon din liham pangangalakal bilang isa ring pormal na komunikasyon bilang pagpapatibay ng mga transaksyong nagaganap sa pagitan ng bumibili at mamimili. Siyempre mayroon ding mga konrata at mga sertipiko tulad ng pagpapakasal at mga kasunduan. Sa madaling salita, ang komunikasyon pasulat ay mahalaga pa rin kahit na laganap na rin ang paggamit ng komunikasyon panteknolohiya tulad ng cellphone at mga makabagong gadyet.

Maging ang paggamit ng mga instrumentong panulat tulad ng lapis at bolpen. Nagiging madali nga lang kung gumamit ng kompyuter at makabagong teknolohiya tulad ng mga xerox copier at scanner.

Ang ikinaiiba ng tao sa hayop ay ang kayayahan ng taong magsalita. Likas sa tao, samakatuwid, ang magsalita maliban lamang kung siya ay ipinanganak na pipi o may kapansanan sa mga bahagi ng katawang ginagamit sa pagsasalita tulad ng dila, gilagid, glottis o iba pang mekanismo kailangan sa pagsasalita. Sa layuning makapaghatid ng impormasyon at magkaintindihan, komunikasyon pasalita ang ginagamit ng tao. Sa mga bugtong ng mga Ilonggo, naihahatid ang kahalagahan ng komunikasyon pasalita:

Panisin ang mga halimbawang bugtong:

Sa sulud sang bilangguan,

Nga natabunan sa mga tul-an;

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

May is aka man-og nga pulahan,
Mapagsik, magahud, buraan." Sabat: dila
Sa loob ng bilangguan,
Na ng mga buto natabunan;
May isang ahas na pulahan,
Maliksi, maingay, may kadaldalan. Sagot: dila
"Yari na si Lulong nga mapagsik,
Obra ya hutik-hutik." Sabat: buyog
Heto na ang malikot na si Lulong,
Bumubulong-bulong.) Sagot: bubuyog
Si Kumare kag si Kumpare,
Kung magkitaay nagahutikanay. Sabat, subay
Heto na si Kumare at si Kumpare,
Kapag nagsasalubungan, nagbubulungan. Sagot: langgam

Dalawang paraan ng paghahatid ng impormasyon ang naipapahayag ng tatlong bugtong. Ang una, ay halatang maingay dahil inilalarawan ang pagiging madaldal na inihahatid ng salitang **buraan**. Ang ikalawa at ikatlong bugtong ay nagbibigay-pokus sa pagbulong na siyang kahulugan ng salitang Ilonggo na **hutik- hutik at hutikanay.** Kailan ginagawang malakas ang mensaheng inihahatid? Kung dapat ay malaman at maintindihan nang husto ng tagatanggap ang inihahatid na mensahe. Sa kabilang dako, ibinubulong naman, kung dapat ilihim sa iba ang isang impormasyon. May kanya-kanyang layunin ang naghahatid ng mensahe gamit ang dalawang paraang nabanggit. Ang pagiging madaldal ay marahil isang katangian ng taong may maraming alam at ang pagiging maingay ay isang natatanging katangian na nagsasaad ng kawalang pakialam sa iba. Minsan sila ay nakaistorbo na sa nakakarinig. Sa kabilang dako, ang pagbubulong ay paghahatid ng isang impormasyon para lamang sa taong binubuulungan. Ibig sabihin, hindi dapat marinig ng iba. Ang impormasyon marahil ay sensitibo kaya dapat ingatan at ilihim. Para lamang ang impormasyon sa dalawang taong nagbubulungan. Sa kalagayang ito, nabubuo ang tsimis o sa ngayong panahon ay ang tinatawag na fake news o mga impormasyong walang katotohanan.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Volume III, Issue 7 July 2023, eISSN: 2799-0664

Sa nabanggit na bugtong dalawang hayop ang ginamit-ang langgam at ang bubuyog. Nakikita marahil ng mga llonggo ang katangian ng dalawang kulisap na ito sa paghahatid ng impormasyon sa paraang bulong-bulungan. Ang bugtong ay indikasyon ng pagiging mapagmasid at mapagpanuri ng mga llonggo sa mga nagaganap sa paligid. kantangian ng tao. Naiuugnay nila ang katangian ng mga hayop at ang katangian ng tao.

Maliban sa paraang pasalita at pasulat, naipakita rin sa mga bugtong ng mga Ilonggo ang impormasyong nakukuha sa radyo. Ang mga programang panradyo maliban sa mga mahahalagang balitang lokal, pambansa at maging pandaigdigan ay napahalagahan. Radyo ang mabisang paraan at midyum sa paghahatid ng mga impormasyon maliban sa maraming dulang panradyo na kinagigiliwan ng mga mamamayan.

Ang pagbigay-pansin sa kahalagahan ng radyo para sa mga Ilonggo ay nailalahad sa sumusundo na bugtong:

"Bukon to tawo, bukon ti hayop

Gahambal sang Ingles at Tagalog."		Sabat radyo.

Hindi tao, hindi hayop,

Nagsasalita ng Ingles at Tagalog.		Sagot: radyo

Ang nabanggit na bugtong ay isang patunay ng eksposyur ng mga Ilonggo sa mga kaganapan sa loob at labas ng bansa, at maging ang inaasahang kaalaman nila sa wikang Ingles at wikang Filipino. Maaaring nailalantad din sila sa isyung pampulitika ngunit kailangan lamang ang pagiging mapanuri sa uri ng impormasyon at balitang inihahatid ng radyo dahil sa mga impormasyon hindi tama, hindi totoo. Dito pumapasok ang pagiging isyu ng komunikasyon at impormasyon, ang paglaganap ng maraming fake news. Marami na palibhasa ang nagsasamantala sa katapatan ng mga tao sa mga impormasyong inihahatid ng radyo at telebisyon kung kaya ang mga isyung ito ay dapat suriing mabuti.

**Pananampalataya, Pulitika at Pamamahala.** Ang pananampalataya ay tumutukoy sa paniniwala ng tao at ang kanyang relasyon sa kanyang Manlilikha. Maging ano man ang relihiyon ng tao, siya man ay muslim, katoliko, protestante, buddhist, ang mahalaga ay malayos niya ang kanyang kaugnayan at relasyon sa pinaniniwalaan niyang Panginoon. Ang Panginoong ito ay makapangyarihang Manlilikha na mapagmahal, maawain, forgiving (mapagpasensya), at may pusong walang katapusang nagbibigay. Ang mga katangiang ito ng pinaniniwalang Panginoong makapangyarihang lumikha ng mundo, ng buwan at araw ay naipababatid sa mga sumusunod na bugtong:

"Natawo ako sa aga

kag napatay sa hapon,

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Apang ako ang kalipay

sang tanang nga dutan-on." Sabat: pagbutlak kag pagtunod sang adlaw

Isinilang ako sa umaga,

At namamatay kung hapon,

Ngunit sa buong kalupaan,

Ako ang kasiyahan. Sagot: pagsikat at paglubog ng araw

"Isa ka pinggan

Nasakop ang tanan nga Kabanwahanan." Sagot: bulan

Isang pinggan

Sakop ang lahat ng Kabayanan. Sagot: buwan

Ang pagsikat at paglubog ng araw maging ang kahiwagaang dala ng pagliliwanag ng buwan sa gabi ay kasama sa plano ng Panginoon sa paglikha ng mundo para sa sangkatauhan. Damang-dama ng mga taong naniniwala sa Amang Lumikha ang kapangyarihan ng Panginoon at ang hindi mapasubaliang pagmamahal Nito sa sangkatauhan. Ang misteryo ng kaligtasan bunga ng pagkakasala ng ating mga unang magulang, ang pagiging tao ng Panginoong Hesus, ang pagkasilang sa Kanya ng Mahal na Birhen Maria, at ang kanyang asawang si San Jose at maging ng iba pang mga santo na pinapanata ng mga Ilonggo. Ang lahat ng mga ito ay naipababatid ng mga Ilonggo sa kanilang nalikhang mga bugtong.

Pansinin ang mga halimbawang bugtong:

"Nanaog si Santa Maria,

Pula ang iya saya." Sabat: puso sang saging

Bumaba si Santa Maria,

Pula ang kanyang saya. Sagot: puso ng saging

"Baston ni San Husep

Indi maisip. Sabat: ulan

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Baston ni San Husep

Ay hindi mabilang-bilang. Sagot: ulan

"Baston ni San Juan

Indi makaptan." Sabat: kalay

Baston ni san Juan

Hindi mahahawakan.) Sagot: apoy

Ang dalawang nabanggit na bugtong ay patunay kung paano nag ugat ang paniniwala ng mga Ilonggo sa pananampalatayang Kristiyanismo. Patunay nito ang mga lumang simbahang itinayo sa Panay noong panahon ng mga Kastila na nanatili pang matatag hanggang sa kasalukuyan. Halimbawa ng mga ito ay ang mga simbahan ng Molo, Jaro Katedral, Arevalo, gayon din ang mga simbahan sa bayan ng Tigbauan, Miag-ao, Alimodian, Dumanggas, Cabatuan at iba pa sa mga lalawigan ng Antique, Capiz, at Aklan.

Ang pananalig ng mga Ilonggo hindi lamang sa Panginoon kundi pati sa kalinis-linisang Mahal na Birhen at sa kanyang asawang si San Jose. Maging ang mga mahalagang aral ng Kristiyano tulad ng kahalagahan ng Banal na Pitung Sakramento pati na ang kasaysayan sa buhay ng Panginoong Hesus tungkol sa paglililong ginawa ni Hudas, ang pinagkatiwalaang apostoles ng Panginoong Hesus nang ipinagkanulo Siya sa mga Hudeyo katumbas ng tatlumpung pilak.

Ang dalawang sumusunod na bugtong ay patunay rito:

"Nagtanum ako Granada,

Sa tunga sang lagwerta;

Pitu ang puno, pitu ang bunga;

Pitu ka pari ang nagpanguha." Sabat: Pitu ka sakramento

Nagtanim ako ng Granada,

Sa hardin sa may gitna;

Pitu ang puno, pitu ang bunga;

Pitung pari ang nangunguha. Sagot: Pitung sakramento

"Nagtig-ang si Hudas,

Ginsalud ang binalunas;

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Volume III, Issue 7 July 2023, eISSN: 2799-0664

Ginpilak ang bugas."    Sagot: gata kang niyog

Nagsaing si Hudas,

Isinahod ang inihugas;

Itinapon ang bigas.    Sagot: gata ng niyog

Tunay na nagiging malalim ang naitanim na punla ng pananampalatayang Kristiyanismo sa buhay ng mga llonggo. Ang paniniwala tungkol sa kabilang buhay pagkatapos ng kamatayan tulad ng pagpunta sa impiyerno at purgatoryo ng mga taong makasalanan samantalang langit naman ang inilalaan para sa mga taong mababait.

Ang sumusunod na bugtong ay ipinahihiwatig ng kaisipang binanggit:

"Sa idalum, impiyerno;

Sa ibabaw, purgatoryo;

Sa tunga ginakaon mo.    Sabat: bingka

Sa ilalim, impiyerno;

Sa ibabaw, purgatoryo;

Sa gitna, kinain mo.    Sagot: bibingka

Ang mga halimbawang bugtong kaugnay sa pananampalatayang Kristiyanismo ay ilan lamang sa nakitang pinahahalagahan ng paniniwala mga llonggo. Ang mga bugtong na ito ay isa pa ring indikasyon hindi lamang ng pagbibigay-halaga ng mga Ilonggo sa mga aral kristiyano kundi maging ang katalinuhan at pagkamalikhain ng mga ito sa pagbuo at pag-uugnay ng kanilang paniniwala sa Dakilang Lumikha at sa kanilang mga nakikita sa paligid tulad ng mga pananim: puso ng saging, niyog, kalikasan: buwan, ulan, apoy, pagsikat at paglubog ng araw, pagkain: bibingka, gata ng niyog at iba pa Pangkalahatang Pagsusuri sa Palagatu

Sa pangkalahatang pagsusuri, nagsilbing mekanismo ang mga palagatu (bugtong) upang maipabatid sa mundo ang kulay ng buhay llonganon. Iba-ibang larawan ng buhay-buhay ang nakapaloob sa mga ito. Ito ay masasalamin na rin sa mayamang karanasan at kultura ng mga sinaunang Ilonggo. Masasabing ang mga palagatu ay hindi paimbabaw sapagkat kung susuriin ang wika, lohika at istruktura na kasangkot sa pagbuo nito, mapapahamon kaagad ang isipan at kinakailangan munang magtuklas ng mga kaalaman upang ito ay masagutan.

Kalimitan, tumatalakay ang mga palagatu sa kaugaliang maipagmamalaki ng Iloilo sa ibang lupain. Malalaman halimbawa sa bugtong na "Sumisid si Kandalinaw, pumaibabaw si Kandalisaw ang katatagan ng mga tao sa kabila ng kaliwat-kanang mga unos na dumadating sa

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

kanilang buhay. Representasyon ito, pati na ang magkahawig na mga palagatu, ng pagyakap sa lalong positibong pananaw para sa higit pang pag-angat ng kalagayang itinuturing minsan na masalimuot. Dito pumapasok ang istratang sosyal na kakambal na ng paggalaw ng bawat indibidwal sa lipunan. Minsan, ito ang nagiging dahilan ng pagsilabasan ng samu't saring pagtingin sa kung ano nga ba ang katuturan ng buhay at ano ang marapat na gawin upang mabigyan ito ng katanggap-tanggap na kahulugan. May pagkakataong marami ang umaangat sa paraan ng pagtanggap sa mga hamong nakapaloob sa istratang ito ng lipunan. Subalit hindi maikakailang lagpas sa bilang ang mga napaparoon sa antas ng kawalang katiyakan. Sa kabila nito, walang paghinto na makikita sapagkat maparaan ang mga Ilonggo pagdating sa paglutas ng mga suliranin.

Ipinakita rin kung paano naaapektuhan ng lipunan ang pangkatawan at ang pangkaisipang pangangailangan ng mga tao. Patunay lamang ito na talagang malaki ang papel na ginagampanan ng pang-araw-araw na inter-aksyon at pakikibaka sa buhay. Bagaman masikip ang daan tungo sa kalutasan ng mga inaalala, patuloy pa rin itong sinusuong ng nagsisikap sa paniniwalang ito ay panandalian lamang. Kumbaga, nariyan lagi sa puso ang determinasyon upang mabigyan ng katapusan ang anumang gawain na itinakda ng palad.

Masasalamin din sa ilang mga bugtong ang hindi pagkakapantay ng mga tao sa lugar. Kitang-kita ito sa paraan ng pagtingin, pagturing, at pagpapahalaga. Iyon lamang, hindi ito lantarang isinisiwalat ng mga palagatu sapagkat taglay na nito sa ganang sarili ang kasiningan. Gayunman, maraming mga bagay-bagay ang ikinukubli nito.

Mahuhugot din sa mga palagatu ang unti-unting pagbabago ng kapaligiran, paggalaw, at pag-iisip. Likas na sa tao ang maghangad ng bago. Kalakip na rito ang pag-abot sa mga ninanais. Halatang pinakahinahangad ng lahat ang umalpas sa karaniwan. Isa itong mainam na palatandaan ng pagiging mahangarin at produktibo ng mga Ilonggo. Subalit, hindi talaga maiiwasan ang kaakibat ng pag-aasam, Ito ay masasabing kabilang mukha sapagkat hindi nakapagdudulot ng kaiga-igayan epekto sa tao at sa paligid. Mapapansin ito sa palagatung "Walang balat, walang buto, sumisigaw, tumatakbo".

Sa kabilang dako, ang palagatu ay kadalasang may tugmang ganap at iyong iba ay di-ganap, may malayang taludturan at ang iba naman may mayroong sukat. Karaniwan itong binubuo ng isang saknong na mayroong dalawang taludtod pero may pagkakataon namang apat na taludtod. Gumagamit din ito ng simbolismo, imahe, matatalinhagang mga pananalita, tayutay at kariktan. Sa pangkalahatan, naglalakip ito ng simpleng mga salita na mabilis maunawaan ng mga mambabasa at maging ng mga pangyayari na nararanasan ng karamihan.

Ang pagsalin sa wikang Filipino mula sa wikang llonganon ay naaayon sa diwa at mayroon namang pagkakataon na sa literal na kadahilanang ang binibigyan pokus ay ang aral na matututunan ng mga mambabasa. May napuna rin ako, sa pagsasalin ay may mga salitang magkapareho sa llonganon at Filipino na hindi na pinalitan, halimbawa ang mga salitang mapaso, kabayo, pagpili, mabaho, mata, pusod at sanga.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Sa kabuuan, ang pagsusulat ng nasabing pagsasalin mula Hiligaynon tungo sa wikang Filipino ay napakagandang hangarin para lalong maunawaan at mapahalagahan ng mga tao ang nasabing genre ng panitikan. Dagdag pa, magtutulak ito sa kanila na mag-ukol ng higit na paglilimi sa kinamihasnan ng mga mamamayan sa Iloilo.

## IV. Kongklusyon

Mayaman sa karunungang-bayan tulad ng palagatu ang mga Ilonggo. Litaw na litaw ang mga pagpapahalaga na nagsisilbing gabay at repleksyon sa uri ng pamumuhay, pagkatao at kultura ng mga llonganon. Nakapaloob sa palagatu na makabuluhang gamitin sa buhay at kadalasang naglalarawan at nagsasalaysay hinggil sa mga pang-araw-araw na pamumuhay at gawi ng mga Ilonggo. Batay sa resulta ng pag-aaral, lumalabas na sa paglikha ng palagatu at ang pagsagot sa mga ito ay patunay ng katalinuhan ng isang tao. Nagpapakita rin ito ng katalasan ng isipan, pagiging mapagmasid, malawak na karanasan at eksposyur sa iba't ibang larangan.

Kadalasan ang pokus ng bugtong ay mga bagay o kasangkapan na makikita sa kapaligiran, kasama na rito ang mga tanim, punongkahoy at prutas. Paksa rin ng palagatu ang tungkol sa kalikasan, bahagi ng katawan ng tao, mga hayop at mga gamit na karaniwang ginagamit sa pang-araw-araw ng buhay.

Ang himig ng palagatu ay madalas mapagbiro o katatawanan at maaari ring seryoso na kababakasan ng pagpapahalaga sa buhay at pamumuhay. pangarap at mithiin ng tao, kalagayan o kondisyon ng buhay ng mga taong bayan, pananampalataya at paniniwa. Mayroon ding kaugnay sa pamahalaan at pulitika, mga kaganapan sa lipunan, isyung panlipunan at marami pang iba.

## V. Rekomendasyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, inihain ang mga sumusunod na rekomendasyon:

Para sa mga mag-aaral, bigyan ng kaukulang pansin ang halaga ng ating sariling panitikan kagaya ng palagatu upang magsilbing kaban ng yaman at mabigyan ng pagkakataong mahikayat ang mga kabataang milenyal na tangkilikin ang mga nanganganib na panitikang Ilonggo.

Sa mga guro na nagtuturo ng panitkan sa lahat ng antas ng pag-aaral, mahalagang gamitin ang ginawang pagsusuri ng palagatu sa mga talakayan sa silid-aralan lalo pa't isinusulong ngayon ang lokalisasyon at kontekstwalisasyon. Sa pamamagitan nito, lubos na malirip ng mga mag-aaral ang mga magagandang kaugalian, pangarap kabiguan, lunggati at tagumpay at maipagmalaki ang sariling kulturang llonganon.

Para sa mga mananaliksik, gumawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa panitikang Ilonggo tulad ng iba pang palagatu ng mga karatig pook mula Guimaras, Capiz at Negros

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Occidental na hindi natalakay sa pag-aaral na ito. Isang napakahalagang pangangailangan pa rin ang pagtuturo ng mga ito lalo pa na ipinapatutupad ang bagong kurikulum, ang K-12. oss

## MGA REPERENSYA

[1] Badayos, P. (2013). Metodolohiya sa pagtuturo ng wika: mga teorya, simulain, at estratehiya. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
[2] Bernales, R. (2008) Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika.Valenzuela City, Mutya Publishing House
[3] Borja, F. at B. Espina (2011). Panitikan ng pilipinas sa pamamaraang modyular. West Visayas State University Publishing House. Iloilo City.
[4] Cabaluna, N. (2016). Ang Konteksto bilang lente sa mga kontemporaryong awiting kinaray-a. Di-nailathalang tesis: Iloilo City. University of Iloilo, Phinma
[5] Cabiles, N. (2014). Komiks bilang kagamitang pampagtuturo: pagbuo pagtataya. Di-nailathalang tesis. Iloilo City. Pamantasang Estado sa Kanulrang Bisayas
[6] Claro, M. (2013). Loa ng mga Ilonggo: pagtitipon at pagsusuring sosyo- kultural. Di-nailathalang tesis. Iloilo City. Pamantasang Estado sa Kanularang Bisayas.
[7] Cote, J. (1996) Sociological perspective on identity formation: the cultural-identitylinked and identity capital. Journal of adolescence. Vol. 19, p. 417-428
[8] Crotty, M. (1998). Foundation of social research. Australia: SAGE Publication Inc.
[9] Denusta, J L. (2011). Paglinang at pagtataya ng modyul sa pagsulat. Di- nailathalang tesis. Iloilo City. Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisayas.
[10] Espedion, R. Jr. T. (2009). Mga piling kwentong Hiligaynon bilang kagamitang pampagtuturo sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa: pagbasa at pagtataya. Di-nailathalanag tesis. Iloilo City. Pamantasang Estado sa Kanulrang Bisayas.
[11] Hachero, C. (2013). Ang Imahe ng Kababaihang Ilongga sa mga Piling Akda ni Magdalena G. Jalandoni: Isang Dekonstruksiyong Pagsusuri. Di Nailathang tesis para sa Master ng mga Sining ng Edukasyon- Filipino. West Visayas State University, La Paz, Iloilo City
[12] Hosillos, L V. (1992). Hiligaynon literature texts and contexts, Iloilo City. Aqua- Land Enterprises.
[13] Lumbera, B. (2006). Paano Magbasa ng Panitikang Filipino. Mga Babasahing Pangkolehiyo. Ikalawang Limbag. Diliman, Quezon City. The University of the Philippines Press.
[14] Mabanglo, R E. (1978). Panunuring Pampanitikan. Manila: Alemar-, Phoenix Publishing House.
[15] Mabanglo & Baltazar, N. (1979). Panunuring pampanitikan. Manila: PhoenixPublishing House
[16] Quidato, JG B. (2017). Pagsusuri ng mga Elementong Ritwal ng Iloilo Reyes, Soledad. (1998). Kritisismo. Mga teorya at Antolohiya para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan. ANVIL Publishing Inc., Manila
[17] Soldevilla, S G. (2015). Antas ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaraI gamit ang mother-tongue. Di-nailathalang tesis. Iloilo City. Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisayas.
[18] Sustento, E S. (2010). Ang Proseso ng Enbisyon/ Pag-enbisyon sa Pagsusuri at Pag-aaral ngmga Piling Akda sa Kanlurang Bisayas: Isang Inobasyon sa Kurikulm. Di-nailathalang

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Disertasyon, Doctor of Philosophy in Education. Pamantasan ng San Agustin, Lungsod ng Iloilo.
[19] Talaban, C T. (2014). MgaAlamat sa Unang Distrito ng Guimaras: Historikal, Sosyolohikal at Kultural na Pagsusuri. Di-nailathalang Tesis sa para sa Master ng mga Sining sa Edukasyon - Filipino. University of Iloilo - Phinma, Iloilo City. Tiongson, Nicanor G. (1985) The Politics of Culture: The Philippine Experience.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved